



Online Learning Modalities Sa Mga Mag-Aaral: Epekto Nito Sa Akademikong Pagganap

Bandino P. Gatan Jr.

Student, Mandaue City College, Mandaue City, Philippines
<https://orcid.org/0000-0002-1849-9554>

Mabelle Ruel

Student, Mandaue City College, Mandaue City, Philippines
<https://orcid.org/0009-0006-0566-406X>

Christy M. Apor

Student, Mandaue City College, Mandaue City, Philippines
<https://orcid.org/0009-0002-3962-7233>

Ann B. Laurea

Student, Mandaue City College, Mandaue City, Philippines
<https://orcid.org/0009-0004-4494-0093>

Angelie T. Gabayan

Student, Mandaue City College, Mandaue City, Philippines
<https://orcid.org/0009-0000-3189-1801>

Abstrak:

Ang pag-aaral ay nakatuon sa online learning modalities sa mga mag-aaral: Epekto nito sa akademikong pagganap kong saan pokus nito ang maaaring epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Mandaue City College sa mga pagbabagong pagganap sa kasalukuyang sistema ng pagtuturo. Ginagamitan ito ng descriptive correlational design. Ang descriptive correlational design ang disenyong ginagamit ng mga mananaliksik upang magsisilbing batayan sa pagbuo ng mga talatanungan (survey questionnaire) upang makalikom ng sapat na datos. Ang kabuuang respondante ay umabot ng tatlong daan at tatlongpu't lima (335) batay sa convenient random sampling na ginamit. Kabilang dito ang kursong EDUCATION, IT, at Business. Sa EDUKASYON ay may (121), IT (92) at Business (122). Sa pagkuha ng kabuuang datos ay ginagamitan ito ng weighted mean, ito ay isang paraan upang mas lalong maging maayos ang resulta ng pananaliksik. Bawat talahanayan, makikita na mayrong highest weighted mean na may interpretasyon na Sumasang-ayon. Ang may pinakamataas na weighted mean ay 3.25 na may interpretasyon na Sumasang-ayon, kasunod naman ang pinakamababang weighted mean na 2.81 na may interpretasyon na Sumasang-ayon. Sa pangalawang talahanayan, ang pinakamataas na weighted mean ay 3.22 na may interpretasyon na Sumasang-ayon at ang pinakamababa ay 2.30 na may interpretasyon na hindi sumasang-ayon. Sa kabuuan ng dalawang Variable ay walang makabuluhang ugnayan ang online learning sa akademikong pagganap ng mga estudyante. Base sa natuklasan na pag-aaral, ang mga estudyante ay malaki ang oportunidad na matuto ng ibang pamamaraan na maaaring magagamit sa kasalukuyan hindi lamang sa propesyonal na aspeto kundi sa magiging trabaho sa hinaharap.

Mga Keyword: Online, Learning, Modalities, Mag-aaral, Epekto, Akademikong pagganap

Introduksyon::

Ang edukasyon sa kasalukuyan ay kailangan ng bawat estudyante kung saan bagong sistema at paraan ang ginagamit sa pagtuturo upang palawakin ang kaalaman ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa online learning modalities sa mga mag-aaral at epekto nito sa akademikong pagganap. Ang ONLINE LEARNING ay bagong sistema ng pagtuturo kung saan hamon para sa mga mag-aaral dahil iba ito sa dati. Minsan nagiging hadlang ang online learning sa mga mag-aaral dahil na rin sa kakulangan sa pinansiyal at mabagal na internet koneksyon na mas lalong nagpapababa sa kaalaman ng estudyante. Sa karagdagan, ang online learning modalities ay nagbibigay ng oportunidad sa mga estudyante dahil naipagpatuloy ang kanilang pag-aaral kahit pandemya. Pangalawa, natututo ang mga estudyante ng mga bagong kaalaman tulad ng pagkabihasa sa teknolohiya na magagamit sa kanilang pagtatrabaho. Ayon kay Dimas et.al. (2022), ang kawalan ng kaalaman sa pagsagot ng modules ay ang mabagal na internet koneksyon, kakulangan sa oras, pinansiyal na pananalapi para sa transportasyon at iba pang gastusin sa pangangailangan na may kaugnayan sa edukasyon ay lubos na nakakaapekto sa pag-aaral ng mga estudyante kalusugan ng mga mag-aaral ang mga nasabing suliranin. Dagdag pa ni Murillo et al., (2022), ang mag-aaral na nabibilang sa flexible learning modality ay mayroong iba't ibang paraan ng pagkatuto sa sistema ng edukasyon kung saan maaari silang bumisita sa mga online website upang magsaliksik ng impormasyon. Gayunpaman ang pagbabago sa sistema ng edukasyon, ito ay nagbigay suliranin sa pagkatuto at pagtamo ng kaalaman, dahil bago ito para sa lahat ng mag-aaral na kaya hirap ang mga ito at nabalisa kung ano ang gagawin, sapagkat hindi sanay ang mga mag-aaral na ganito ang sitwasyon. Kung patuloy ang ganitong uri ng pagtuturo maaaring ang mga mag-aaral ay mababa ang matatamang kaalaman na magdudulot ng mabagal na paghahanap ng trabaho. Kaya hindi naging madali para sa mga mag-aaral dahil sa daming salik na nakakaapekto sa kanilang pagpasok sa online. Una, ang kahinaan ng internet koneksyon. pangalawa, ang pinasyal para sa pagbili ng load para may data na gagamitin. pangatlo ang mga online games/apps tulad ng facebook, youtube at iba pang online websites na naging dahilan sa kakulangan sa pagsagot sa mga gawain o aktibidad na ibinibigay ng mga guro. Ito ang mga dahilan sa pagbaba ng kanilang grado.

Mahalaga ang mataas na kalidad ng edukasyon, lalong-lalo na sa mga mag-aaral sa kolehiyo. Ang mga kaalaman na nakuha sa kani-kanilang kursong pinili ay mahalaga para sa maging trabaho sa hinaharap dahil ito ang nagsisilbing pundasyon hindi lamang sa antas ng kaalaman kundi pati na rin sa karakterisasyon ng isang mag-aaral na kanyang magamit sa buhay. Kasabay rin nito, maaari ring makaapekto sa mental na kalusugan ng mga mag-aaral ang mga nasabing suliranin. Ayon sa pag-aaral nina Clavero et al., (2022) dahil sa mga gawaing bahay ay hindi naging wasto ang paggamit ng oras na inilaan sa pag-aaral kaya ito ay nagdudulot ng kapahamakan o pagkabalisa ng mga mag-aaral sapagkat maaaring mawalan ng gana sa pag-aaral sa kadahilanan walang konsiderasyon ang guro sa kanilangmagiging awtput kung huli na ang pagsumite. Kaya ang mga mag-aaral ay lubos na nahihirapang makasabay sa online na istilo ng pag-aaral. Kapag nagkataon malaking kabawasan ito sa kumpiyansa ng mga mag-aaral na mas pagbutihin pa ang kanilang pag-aaral. Kaya't nagiging mahirap tugunan ang sitwasyon sapagkat malaking hamon ang online learning para sa mga guro at mag-aaral dahil





naging hadlang minsan ang oportunidad na maaaring may magandang epekto sa pag-aaral ng mga estudyante. Minsan ang mga mag-aaral ay umaasa na lamang sa online website upang masagot ang kanilang mga pagsusulit kaya't mas lalong nawalan ng kaalaman ang mga mag-aaral sa kadahilanang hindi na iniisip ng mabuti ang bawat katanungan dahil nagmamadaling matapos agad ang gawain. Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng karanasan ng online learning modalities, sa mga mag-aaral na naapektuhan na bagong sistema ng pagtuturo.

Ang pag-aaral na ito ay pag obserba sa kung ano ang naging epekto ng online learning sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Tinutukoy ng pananaliksik na ito kung paano masolusyonan ang mga suliraning kinakaharap ng mga estudyante sa panahon ngayon. Kaya naisipan ng mga mananaliksik na magrekomenda ng programang ikakaunlad sa sitwasyong kinakaharap. Inirekomenda ng mananaliksik ang programa tulad ng Barangay E-Learning Hub na kung saan makakatulong ito sa mga mag-aaral na walang internet koneksyon at upang makaiwas sa mga sagabal tulad ng ingay ng hayop at mga gawaing bahay sa ganitong paraan makapagpukos sila sa kanilang pag-aaral.

Pagsusuri ng Kaugnay na Pagsusuri at Pag-aaral:

Ang pananaliksik ay sinusupertaan ng iba't ibang articles upang maging basehan sa pag-aaral. "Online learning modalities sa mga mag-aaral: epekto nito sa akademikong pagganap" Ang bahagi na ito ay naglalaman ng mga mahahalagang aspeto na makakatulong sa mga mananaliksik na lalong mapatibay ang ginawang pag-aaral. Ang mga impormasyon ay naglalaman ng akademiko at propesyonal na mga babasahin na may kinalaman sa ginawang pananaliksik. Ito ay naglalahad ng impormasyon na maging malinaw na kaalaman. Ang mga literatura at pag-aaral na inilakip sa pananaliksik ay nagbibigay ng magandang adhikain na ang motibo ay madagdagan ang kaalaman ng mga mambabasa, lalo na ang mga kasamang bahaging kinahahalagahan ng pagnanaliksik. Ito ay nagpapatibay na maging maganda ang epekto sa ginawang pag-aaral. Ayon sa pananaliksik nina Ababa, et al., (2021) ang teknolohiya ay bahagi na ng buhay ng tao. Nakakatulong ito sa bawat aspeto ng buhay lalo na sa edukasyon. Ang mga nabanggit na apps na kadalasang ginagamit ay ang Google Classroom, Zoom, Google Meet, Google Sheets, Photo Math, CamScanner, Google Docs, Microsoft Word, Excel, Powerpoint, Grammarly at maging ang mga social media platform tulad ng Messenger, Facebook, YouTube, atbp. Ang mga ito ay ginagamit dahil ang mga social media platform ang nagbibigay-daan sa komunikasyon sa pagitan ng mga tagapagturo at mga mag-aaral.

Ang Educational Application (EA) ay nilikha para sa layunin ng pagtuturo at pag-aaral. Lahat ng ginagawa ng isang indibidwal sa tradisyonal na pag-aaral ay maaari na ngayon posibleng gawin online sa pamamagitan ng mga application na pang- edukasyon. Batay sa inilabas na pahayag ng CHED Memo. 04, s.2020. (2020) ilang taon na ang lumipas nang hindi inaasahan ng lahat ang pagdating ng nakakamatay at nakakahawang corona virus o kilala rin sa tawag. Isa ang sektor ng edukasyon ang mas higit naapektuhan na kung saan ang dating tradisyonal na pagtuturo ay pansamantalang itinigil. Noong ika-5 ng Mayo taon 2020, ang Department of Education (DepEd) ay naghayag ng opisyal na pahayag hinggil sa Learning Continuity Plan o ang bagong normal na Habang, ang Commission on High Education (CHED, 2020) ay naglabas din ng Memo Blg. 04, serye 2020, patungkol sa Guidelines and Implementation of Flexible Learning. Dagdag pa ni Acuzar, et al., (2021) sa inilabas na memo na ito, pinagtuonan ng pansin ang mga alternatibong paraan para ipagpatuloy ang edukasyon sa new normal sa kabila ng kinakaharap na krisis, dahil ito ang pangunahing kinakailangan upang mas mapaganda ang kinabukasan ng mga mag-aaral. kahit nasa mahirap na sitwasyon ay dapat pa rin manatiling matatag, at magpursige upang sa ganoon matupad ang minimithi ng bawat estudyante para sa kanilang pamilya. Bulalas ni Agua (2022) ang mga magulang ay may mahalagang papel sa tagumpay ng nasabing pag-aaral. Sinuri ng kasalukuyang pag-aaral ang antas ng pag-unawa ng mga magulang sa mga nilalaman ng Matematika, at ang kanilang lawak ng mga tungkulin at hamon ng magulang na nakatagpo. Tanging ang magulang ang gumagabay sa kanilang mga anak upang tulungan ito na magpursige sa pag-aaral nang sa ganoon sa huli ang kanilang mga anak na naman ang tumulong sa kanila.

Dagdag ni Azis, Suharyati at Susanti, (2019) sa mga nakalipas na panahon, ang teknolohiya at ang internet ay nangunguna sa pagbibigay ng mga impormasyon, hindi lamang sa mga elementarya, secondarya at pati na rin sa tertiarya dahil kasangkapan ito sa pagpapalawak ng kaalaman sa mga mag-aaral ngunit sa panahon ngayon ay malakiang epekto nito dahil sa daming mga internet koneksyon na nakakabit sa mga bahay at establishmento ay naging mahina ang koneksyon ng mga internet kaya naapektuhan ang pag-aaral ng mga estudyante. Ayon kay Bacomo (2022) ang saloobin ng mga mag-aaral patungo sa modular distance learning ay nakakakuha ng mga kawalan ng katiyakan habang nangyayari ang isang krisis sa mundo hangang sa puntong ito. Habang ang mga modyul sa pag-aaral sa sarili ay nagiging pandagdag na paraan ng pagkatuto sa bagong normal na edukasyon. Ang epekto ng pandemya ay nagdulot ng pagbabago sa sektor ng edukasyon dahil naging limitado ang pagpasok ng mga mag-aaral sa klase kung saan dapat ang mga mag-aaral ay pumapasok palagi tulad ng ginagawa sa face-to-face learning ngunit dahil sa pandemya naging iba ito at naging hadlang upang matuto ng mabuti ang mga mag-aaral lalong-lalo na hindi makikita ng guro kung ano ang ginagawa ng mga estudyante. Kaya napakahirap ng pag-aaral sa panahon ngayon kung saan sinusubok ang kakayahan ng mga mag-aaral kung paano harapin ang ganitong uri na sitwasyon. Ayon pa kay Bajamundi, et al., (2021) ang modular learning ay ang backbone ng DepEd sa pagsasagawa ng distance learning na programa dahil problema ng karamihan sa mag-aaral ay ang pagkamit ng teknolohiya gaya ng kawalan ng gadyets at internet koneksyon nina Bali at Liu, (2018) ang implikasyon ng online learning at face to face. Ang online learning ay tumatalakay sa kakulangan ng pakikipaghalubilo kung ikukumpara ito sa face-to-face na may sapat na pakikitungo sa kapwa maging sa mag-aaral at sa kanilang guro. Subalit pareho itong nagbibigay ng impormasyon na makakatulong sa pagpapaulnad ng kaalaman ngunit sa online ay ang mga mag-aaral ay may kakulangan dahil sa mga salik na nakaapekto nito.

Ayon kay Mandasari, (2021) isa sa mga naging hadlang sa pag-aaral ng mga mag-aaral ay isyung pinansyal at kawalan ng internet koneksyon. Ito ng kadalasan reklamo ng mga mag-aaral at pati na rin sa mga guro dahil minsan mawala ang internet koneksyon kaya nagbigay ang DepEd ng mga naka-impresyong modyul upang maresolba ang problema ng karamihan sa estudyante ang teknolohiya at ang usad pagong na internet connection.

Sa pananaliksik nina Marcial et al., (2021) ang distance learning ay nangangahulugan na ang mga klase ay mangyayari sa kabahayan, na maalaayo sa dati na tradisyunal na pag-aaral at pamamaraan na ginagawa ang klase sa loob ng silid-aralan. Subalit walang magagawa ang mga guro at mag-aaral sa ngayon dahil isinagawa ang online learning bilang utos ng pamahalaan upang mapangalagaan ang kalusugan ng mga mag-aaral at maging ang buhay ng mga guro na makaiwas sa pagkakahawa ng Covid-19. Ayon naman sa pag-aaral ni Mazzariello, (2022) karamihan sa mga mag-aaral ay nanibago sa pamamaraan ng pag-aaral dahil matuto ng sila-sila lang, wala silang ibang kasama, walang guro sa harap nila na nagtuturo kaya hirap sila sa pag-unawa, kaya ang gagawin nila ay magsaliksik sa internet ngunit dahil hindi sila bihasa sa paggamit kaya't madali silang sumuko at iba na ang kanilang gagawin. Apektado talaga ang mag-aaral sa panahon ngayon dahil naging bago ang sistema ng edukasyon sa ngayon. Ayon naman kay Murillo, et al., (2022) ang mga estudyante ay nagkaroon ng iba't ibang paraan o estratehiya na matuto sa bagong sistema ng edukasyon, lalo na napabilang sa synchronous at asynchronous online learning na kasalukuyang paraan sa pagtuturo ngayon, subalit nagkaroon ng kahirapan ang mga mag-aaral na matuto.





Paraan ng Pananaliksik:

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik ay gumagamit ng descriptive correlational design. Ang descriptive correlational design ay isa sa mga disenyo na ginagamit sa pananaliksik na nagiging batayan sa pagbuo ng mga talatanungan (survey questionnaire) para makalikom ng mga datos. Itinuturing ng mga mananaliksik na wasto ang disenyo na ginagamit para sa paksang gustong bigyan ng kaliwanagan. Ang pangunahing datos ay magmula sa mga mag-aaral sa Mandaue City College. Ang disenyo ng ito ay nakakatulong sa mga mananaliksik na mapadali ang pangangalaap ng mga datos.

Pinagmulan ng Datos

Isinasagawa ang pag-aaral sa Mandaue City College na isang pampublikong paaralan na matatagpuan sa Cultural at Sports Complex Don Andres Soriano Avenue, Centro, Mandaue City. Ang paaralan ng Mandaue City College ay may tatlong kursong inaalok ito ay ang Education, IT, at saka Business. Ito ang napili ng mga mananaliksik sa pag-aaral upang malaman ang epekto ng Online Learning Modalities ng mga mag-aaral sa kanilang akademikong pagganap.

Respondente sa Pananaliksik

Mayroong tatlong daan at tatlongpu't lima (335) respondente mula sa tatlong programa ng paaralan, upang matiyak na wasto ang kabuuang kukuning respondente ay ginamitan ito ng mananaliksik ng Slovin's Formula. Ang mga sumusunod ay ang piling respondente ng mananaliksik sa pag-aaral na ito; sa kumuha ng kursong Edukasyon ay isang daan at dalawangpu't isa (121) ang kalahok na kukunin. Sa kursong Business Administration naman ay isang daan at dalawangpu't dalawa (122) na kalahok habang siyamnapu't dalawa (92) naman sa Information Technology. Ang kompyutasyon na makikita sa ibaba ay nagpapakita na makukuha ang sample size ng mga respondente.

Instrumento ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay nilalayan ng mananaliksik na gumagamit ng nakabalangkas na survey questionnaire bilang kasangkapan ng pananaliksik na pumapaksa sa Online Learning Modalities sa mga mag-aaral at epekto nito sa akademikong pagganap. Ang mga talatanungan na sinuri at pinili ay isang pansariling talatanungan na nagtatalakay kung gaano kakilala ng mga mag-aaral ang sarili sa online nitong pag-aaral. Ang mga talatanungan ay may patunay na nasuri na galing sa tagapagturo ng pananaliksik, tagapagpay ng mananaliksik, guro at isang dalubhasa. Ang pagpipilian ay naayon sa higit na sumasang-ayon (4), Sumasang-ayon (3), Hindi sumasang-ayon (2) at Higit na Hindi sumasang-ayon (1). Ang sarbey ay may mga parte itong bilang na sinasaklaw, unang parte ay sampung talatanungan, pangalawa ay pitong talatanungan at ang pangatlo may sampung mga talatanungan. Ang kabuuan ay may labingpitong talatanungan.

Paraan ng Pagkalap ng datos

Ipaliwanag ng mga mananaliksik ang mga layunin at pangunahing tema ng pag-aaral. Ipaliwanag ng mga mananaliksik ang mga layunin at pangunahing tema ng pag-aaral. Ang mga tumugon ay hiniling na nakatanggap ng mga katiyakan na ang impormasyon na kanilang ibinigay ay gagamitin lamang para sa pag-aaral. Ang mga tumutugon ay inutusan na kompletuhin ang talatanungan at binigyan ng opsyon na itala ang kanilang mga pangalan kahit saan dito. Nilapitan ang mga respondente at ipinaalam na sila ay pinili nang random na lumahok sa pag-aaral. Nakatanggap din sila ng maikling paliwanag ng mga layunin ng pag-aaral. Ang mga respondente ay binigyan ng sampung minuto (10 minuto) na sagutan ang tatlong (3) bahagi ng talatanungan.

Pamamaraan sa Pagsusuri ng Datos

Ang mga mananaliksik ay gumagamit ng pamamaraang estadistika sa pagkalap ng mga datos upang masuri ng wasto ang pagtanggap sa modalidad ng online learning bilang bagong plataporma sa pag-aaral, nang sa ganon malaman ang antas sa pagtanggap ng mga mag-aaral sa sitwasyon ng pag-aaral at matukoy kung ang bagong plataporma ay nagiging epektibo sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Bilang bahagi ng pag-aaral, ang mga mananaliksik ay gumagamit ng weighted mean upang alamin kung ang bagong plataporma ay mayroon bang magandang mga mag-aaral sa kolehiyo sa bagong paraan ng pagtuturo.

Mga Natuklasan at Talakayan:

Ang unang bahagi ng talahanayan ay tumutukoy sa online learning modality na kung saan nagpapakita ng impormasyon patungkol sa mga datos na nakalap ng mga mananaliksik.





Talahanayan 1:
Pinansyal

PINANSYAL	Weighted Mean	Degree of Equivalent
1. Hindi lahat ng mga mag-aaral ay may kakayahang bumili ng gadgets na gagamitin sa online learning dahil kulang sa budget o nagtitipid sa pangaraw-araw na pangangailangan.	3.15	SA
2. Nakakaapekto sa mga mag-aaral ang online learning sa dahilang walang sapat na pinansiyal pambili ng "load" upang pumasok sa online na klase	2.89	SA
3. Mas pipiliin ng mga mag-aaral ang online learning dahil sila ay nakatipid ng pamasaha.	3.25	SA
Kakulangan sa oras sa pagsagot ng modules		
1. Maraming oras ang ginugol ng mga mag-aaral sa paggamit ng online games/apps sa online dahil hindi sila nakikita ng guro sa kanilang ginagawa.	2.94	SA
2. Nasiyahan ang mga mag-aaral sa online learning sa dahilang nagagawa nila ang kanilang gusto tulad ng maglaro ng online games, matulog at iba pa kumpara sa face-to-face na hindi pinapayagan matulog at gumamit	2.81	SA
3. Binibigyan ng mga mag-aaral ng sapat na oras ang paglalaro ng online games/apps tulad ng facebook, youtube at iba pa kaysa pagsagot ng mga proyekto, aktibidad at takdang aralin ng mga guro	2.91	SA
4. Mas tambak ang gawain ng mga mag-aaral sa online sa dahilang inuuna ang paglalaro ng iba't ibang online games kaysa sagutan ang ibinibigay na takdang-aralin ng mga guro.	3.00	SA
Kabuuan	3.00	SA

Legend: scale: Degree of Equivalent
3.25-4.00 (HSA) 2.50-3.24 (SA) 1.75-2.49 (HSA) 1.0-1.74 (HSA)

Ang unang talahanayan ay nagpapakita ng mga weighted mean ng sampu sa mga pahayag, kung saan may tatlong pinakamataas na weighted mean na na-interpret bilang "Sumasang-ayon," at may tatlong pinakamababang weighted mean. Ang kabuuang weighted mean sa unang variable ay 3.00, na sumasang-ayon. Ang teknolohiya ay mahalagang bahagi ng edukasyon, at ang flexible learning modality ay nagbibigay ng iba't ibang paraan ng pagkatuto. Sa kabuuan, ang bagong sistema ng pagtuturo ay epektibo para sa mga mag-aaral, kung saan 90% ay sumasang-ayon dito. Nakakatulong ito sa kanilang kaalaman at pagpapaunlad ng kanilang kakayahan at pakikipagkapwa tao. Ayon sa pananaliksik nina Ababa, et al., (2021) ang teknolohiya ay bahagi na ng buhay ng tao. Nakakatulong ito sa bawat aspeto ng buhay lalo na sa edukasyon. Ang mga nabanggit na apps na kadalasang ginagamit ay ang Google Classroom, Zoom, Google Meet, Google Sheets, Photo Math, CamScanner, Google Docs, Microsoft Word, Excel, Powerpoint, Grammarly at maging ang mga social media platform tulad ng Messenger, Facebook, YouTube, atbp. Ang mga ito ay ginagamit dahil ang mga social media platform ang nagbibigay-daan sa komunikasyon sa pagitan ng mga tagapagturo at mga mag-aaral.

Ang Educational Application (EA) ay nilikha para sa layunin ng pagtuturo at pag-aaral. Lahat ng ginagawa ng isang indibidwal sa tradisyonal na pag-aaral ay maaari na ngayon posibleng gawin online sa pamamagitan ng mga application na pang- edukasyon. Dagdag pa ni Acuzar, et al., (2021) sa inilabas na memo na ito, pinagtuonan ng pansin ang mga alternatibong paraan para ipagpatuloy ang edukasyon sa new normal sa kabila ng kinakaharap na krisis, dahil ito ang pangunahing kinakailangan upang mas mapaganda ang kinabukasan ng mga mag-aaral. kahit nasa mahirap na sitwasyon ay dapat pa rin manatiling matatag, at magpursige upang sa ganoon matupad ang minimithi ng bawat estudyante para sa kanilang pamilya.

Ang Ikalawang bahagi ng talahanayan ay tumutukoy sa Akademikong Pagganap na kung saan nagpapakita ng impormasyon patungkol sa mga datos na nakalap ng mga mananaliksik.





Talahanayan 2 – Bahagi 2:
Akademikong Pagganap

AKADEMIKONG PAGGANAP	Weighted Mean	Degree of Equivalent
1. Ang paggamit nag online na plata porma ay nangangailangan ng masinsinang pamamaraan dahil bago sa ating lahat.	3.20	SA
2. Naging hadlang ng mga mag-aaral ang mahinang internet koneksyon saonline learning	3.22	SA
3. Ang pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa online learning ay isang paraan tungo sa magandang kinabukasan.	2.90	SA
4. Ang mga gawain ng online learning ay tulad ng pagbibigay ng takdang-aralin ay nakakatulong sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral.	3.00	SA
5. Kawili-wiling natututo ang mga mag-aaral sa online learning kaysa sa face-to-face	2.48	HSA
6. Mas pinapakinggan ng mga mag-aaral ang talakayan sa online learning ihahambing sa face-to-face	2.30	HAS
7. Hindi nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagsasagot ng madali sa online learning dahil iba ang maaring sumasagot o madali lamang sila nakakakuha ng kasagutan sa tulong ng online apps kay sa face-to-face sapagkat bawal ang cellphone sa paaralan.	3.02	SA
8. Malawak ang natutuhan ng mga mag-aaral sa online learning dahil nadagdagan ang kanilang kaalaman sa iba't- ibang online apps kung ihahambing sa face-to-face sa silid-aralan lamang sila.	2.73	SA
9. Sa pamamagitan ng online learning mas mataas ang marka ng mga mag-aaral sa dahilang nahahanap lamang ang mga kasagutan sa "google" kaysa face-to-face na pokus lamang sa kanilang naiintindihan sa talakayan.	3.14	SA
Kabuuan	2.89	SA

Legend Scale:	Degree of Equivalent
3.25- 4.00 (HSA)	1.75-2.49 (HSA)
	2.50-3.24 (SA)
	1.0- 1.74 (HSA)

Sa pangalawang talahanayan, may pito sa sampung pahayag na may pinakamataas na "weighted mean" at ito ay itinuturing na "Sumasang-ayon". Ang unang pahayag ay may weighted mean na 3.22, ang pangalawa ay may 3.20, at ang pangatlo ay may 3.15. Sa pitong pahayag na ito, halos pareho ang weighted mean dahil pareho ang interpretasyon na "Sumasang-ayon". Sa pangalawang talahanayan, napapatunayan na epektibo talaga ang bagong sistema ng pagtuturo dahil mas napapadali ang mga gawain ng mga mag-aaral, at mas nagiging interesado sila sa pag-aaral ng mga bagong estratehiya at kaalaman. Ayon kay Murillo, et al., (2022) ang mga estudyante ay nagkaroon ng iba't ibang paraan o estratehiya na matuto sa bagong sistema ng edukasyon, lalo na napabilang sa synchronous at asynchronous online learning na kasalukuyang paraan sa pagtuturo ngayon, subalit nagkaroon ng kahirapan ang mga mag-aaral na matuto.

Bukod dito, hindi nakakaapekto ang online learning sa akademikong pagganap ng mga estudyante dahil handa silang mag-adjust at matuto sa mga bagong bagay. Hindi hadlang sa kanila ang online learning, at nakikita nila itong oportunidad upang mapalawak ang kanilang kaalaman. Base sa resulta, ang online learning ay nagpapakita ng potensyal na maging instrumento sa paghubog ng kaalaman ng bawat mag-aaral. Sa pananaliksik nina Azis, Suharyati at Susanti, (2019). Sa mga nakalipas na panahon, ang teknolohiya at ang internet ay nangunguna sa pagbibigay ng mga impormasyon, hindi lamang sa mga elementarya, secondarya at pati na rin sa tertiarya dahil kasangkapan ito sa pagpapalawak ng kaalaman sa mga mag-aaral ngunit sa panahon ngayon ay malaking epekto nito dahil sa daming mga internet koneksyon na nakakabit sa mga bahay at establishmento ay naging mahina ang koneksyon ng mga internet kaya naapektuhan ang pag- aaral ng mga estudyante.





Talahanayan 3:
Samahan sa pagitan ng Online Learning at Akademikong pagganap

Source of Relationship	DF	Computed R	Critical r	Desisyon ng H1	Interpretasyon
@ 0.05 Alpha					
Online Learning Modalities	14	0.414406378	0.497309	Accept the null hypothesis	Walang makabuluhang ugnayan
Akademikong Pagganap					

Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng ugnayan ng Online Learning modality sa Akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Sa dalawang talahanayan, ito ay nagpapakita na ang pag-aaral online ay nakasalalay sa kung paano pinahahalagahan ng mga mag-aaral ang kanilang pag-aaral. Ang mga talahanayan ay nagpapakita na ang online learning ay hindi hadlang sa pag-aaral ng mga estudyante, kundi isang hamon na dapat harapin upang makamit ang magandang kinabukasan. Ito rin ay nagiging sandata o gabay ng mga mag-aaral sa hinaharap. Ayon sa Ag-aaral ni Agua (2022) ang mga magulang ay may mahalagang papel sa tagumpay ng nasabing pag-aaral. Sinuri ng kasalukuyang pag-aaral ang antas ng pag-unawa ng mga magulang sa mga nilalaman ng Matematika, at ang kanilang lawak ng mga tungkulin at hamon ng magulang na nakatagpo. Tanging ang magulang ang gumagabay sa kanilang mga anak upang tulungan ito na magpursige sa pag-aaral nang sa ganoon sa huli ang kanilang mga anak na naman ang tumulong sa kanila.

Konklusyon

Ang pananaliksik na ito ay nagpapakita ng mga karanasan ng mga mag-aaral sa online learning na modalidad. Dito nalalaman kung epektibo ba ang bagong sistema na ginagamit sa pagtuturo. Sa karagdagan, naituwid ng maayos ng mga guro, mag-aaral ang hamon na kinakaharap, hindi madali subalit naging maganda naman ang takbo ng bagong sistema ng pagtuturo dahil mas alam na ng mga mag-aaral kung paano solosyunan ang ganitong problema na talagang magagamit nila sa hinaharap. Bawat mag-aaral ay may iba't-ibang karanasan sa Online learning modality na kung saan ang kailangan lang talaga gawin ay makinig at gawin ang mga gawain na ipinagawa ng mga guro sapagkat ito ay magsisilbing gabay sa kanila upang makakuha ng sapat na marka at makalampas sa mga hamon na nararanasan sa online. Base sa diskusyon ng pananaliksik, ang pag-aaral sa online learning ay madali lamang kung ito ay pagtuunan ng pansin ng bawat mag-aaral na isa rin sa mga dahilan na mas malawak ang kanilang makukuha na kaalaman sapagkat mas advance ang kanilang kakayahang ikukumpara sa iba na hindi nararanasan ang online dahil may natutunan sila pagdaating sa mga online apps kung paano ito gawin.

Rekomendasyon

Inirekomenda ng mga mananaliksik na ipagpatuloy ang online na modalidad sa kadahilanang nakakatulong ito sa mga mag-aaral hindi lamang sa kanilang akadademikong pagganap kundi pati na rin sa kanilang pangangailangan sa araw-araw namakatitipid sa pera o gastusin. Narito ang mga rekomendasyon:

1. Nakakatulong ito sa pamamagitan ng pag-iwas ng mga mag-aaral sa trapiko na minsan din na isang hadlang sa pagkahuli sa klase.
2. Makakatulong din ito sa kanilang pagtitipid dahil hindi na sila gumagastos ng pamasahang araw-araw kaya malaki ang naitulong ng online para sa mga estudyante.
3. Maaari naman na pumunta ang mga mag-aaral sa kanilang brgy. upang gumamit sa online classroom para sa mga mag-aaral.
4. Ito ay para sa mga estudyante na hindi komportable sa kanilang bahay dahil sa maraming ingay na nangyayari.
5. Para sa mga sumusunod na mananaliksik ay maari niyo itong gawing batayan sa pag-aaral upang mas mapalawak pa ang pag-aaral na ito.
6. Maari din pag-aralan ang hindi masyadong nabigyan ng pansin ng mga mananaliksik upang magkaroon pa ng isang bagong malawakan na pag-aaral na may kaugnayan sa pag-aaral nito.

Mga Limitasyon at Karagdagang Pananaliksik:

Sa pag-aaral na ito ay nangangailangan ng agarang imlementasyon sa programa na iminumungkahi ng mga mananaliksik sapagkat hanggang proposal lang sa programa ang naibigay at hindi natupad. Kung sakaling mabigyan ng pagkakataon na maimplementa itong proposal project maaaring gamitin ito ng mga kasalukuyang mananaliksik na naghahangad na makagawa ng proyekto sa kani-kanilang barangay. Maganda ang proyektong ito para sa mga "out-of-school youth". Maaari rin itong magamit kung sakaling ang paaralan an nagsagawa ng online na klase, maaaring gamitin ang pasilidad upang maiwasan ang distraksiyon sapag-aaral ng mga estudyante.





Mga sanggunian:

Ababa, et al., (2021). The Use of Educational Applications on the Students' Academic Performance. International Journal of Multidisciplinary Studies. vol. 5, issue 1 pp 9299, 2021. [cational_Applications_on_the_Student's_Academic_Performance](https://doi.org/10.30280/ijms.5.1.9299)

Azucar, et al., (2021). Kwentong distance learning: Mga tinig ng estudyante magulang, at guro Retrieved September 20, 2021 from <https://ibtimes.ph/2021/06/08/kwentong-distance-learning-mga-tinig-ng-estudyante-magulang-at-guro/>

Agua at Balasabas, (2022) The Role and Challenges Met by Parents in the Implementation of Modular Distance Learning in Mathematics. Social and Management Research Journal 19(2):211-232, DOI:10.24191/smrjv19i2.20099 https://www.researchgate.net/publication/364349611_The_Role_and_Challenges_Met_by_Parents_in_the_Implementation_of_Modular_Distance_Learning_in_Mathematics

Azis, et al., (2019) STUDENT'S EXPERIENCE OF E-LEARNING, LEARNING PROCESS AND PERCEIVED LEARNING OUTCOMES IN ECONOMIC MATH COURSE. JHSS. DOI: 10.33751/jhss.v3i2.1458. https://www.researchgate.net/publication/340700819_STUDENT'S_EXPERIENCE_OF_ELEARNING_LEARNING_PROCESS_AND_PERCEIVED_LEARNING_OUTCOMES_IN_ECONOMIC_MATH_COURSE?fbclid=IwAR3A5BdnnXAX9CM838cGS6h5iyw1_Qi0-w3M9JcmltXQWnCRx7io8HF9Q

Bacom, (2022) Modular Learning efficiency learners' attitude and performance towards self-learning modules. International Multidisciplinary Research Journal, Vol. 4, No.2 June 2022. <https://philarchive.org/archive/BACMLE>

Bajamundi, et al., (2021) Epekto Ng Modyular Na Modalidad Ng Pagtuturo Sa Akademikong Pagganap. SCRIBD. <https://www.scribd.com/document/531594085/Epekto-Ng-Modyular-Na-Modalidad-Ng-Pagtuturo-Sa-Akademikong-Pagganap>

Bali at Liu, (2018) Students' perceptions toward online learning and face-to-face learning courses. Journal of Physics Conference Series 1108(1):012094, https://www.researchgate.net/publication/329379022_Students'_perceptions_to_online_learning_and_face-to-face_learning_courses

CHED Memo. 04, s.2020. (2020). Guidelines on the implementation of flexible learning Retrieved August 10, 2021, from <https://rb.gy/wfkc3f>

Dimas, et al., (2022) Modular Learning Modality: Karanasan ng mga Mag-aaral mula sa mga Liblib na lugar sa Bayan ng Juban. Puissant- A Multidisciplinary Journal, vol. 3, 520-537. <https://puissant.stepacwesnademic.net/puissant>

Mandasari, (2021) The Impact of Online Learning toward Students' Academic Performance on Business Correspondence Course. Journal of Education and Technology Volume 4 Number 1. https://www.researchgate.net/publication/346004216_The_Impact_of_Online_Learning_toward_Students'_Academic_Performance_on_Business_Correspondence_Course

Marcial, et al., (2021) Pag-alam Sa Epekto Ng Distance Learning Sa Mga Mag-aaral Sa Panahon Ng Pandemya. SCRIBD. <https://www.scribd.com/document/529631324/Pag-alam-Sa-Epekto-Ng-Distance-Learning-Sa-Mga-Mag-aaral-Sa-Panahon-Ng-Pandemya-1>

Mazzariello, (2022, April 15). Adaptability to Online Learning: Differences Across Types of Students and Academic Subject Areas. Community College Research Center. <https://ccrc.tc.columbia.edu/publications/adaptability-to-online-learning.html>

Murillo, et al., (2022) Flexible learning modality: Pagkatuto ng mga Mag-aaral panahon ng pandemya. International Journal of Research Studies in Education Vol. 11, No. (9) 33-53 Doi: 10.5861/upse. 2022.815 <http://consortiacademia.org/10-5861-ijrse-2022-815/>

